

## Paano ba ako matutulungan ng OPCC?

Makapagbibigay kami sa iyo ng impormasyon, tulong, at payo.

Gagawin namin ang sumusunod:

- sisiguraduhin namin na mayroon kang lahat ng impormasyon na kinakailangan mo para mag-file ng reklamo.
- papatnubayan ka namin habang ginagawa ang proseso ng pagreklamo.
- ipapaliwanag namin sa iyo ang iyong mga karapatan.
- sisiguraduhin namin na ang iyong reklamo ay tratratuhin nang makatwiran, nang walang kinikilingan, at nang may respeto.

## Mayroon bang support services na available?

May iba't-ibang community-based organizations na makakatulong sa iyo sa proseso ng pagreklamo. Para makonekta ka sa tamang organisasyon para sa iyong mga pangangailangan, mangyaring tawagan kami sa **1-877-999-8707** (libreng tawag). Hilinging makipag-usap sa aming Outreach and Accessibility Coordinator.

May translation at interpretation services na available.

Ang kompletong listahan ng support agencies ay nasa **www.opcc.bc.ca**

## Anong mga police department ang sakop?

Minomonitor namin ang mga reklamo para sa mga police department at ahensiyang ito:

| | |
|---|---|
| Abbotsford | BC Combined Forces Special Enforcement Unit - Organized Crime Agency |
| Central Saanich | Metro Vancouver Transit Police |
| Delta | Stl'atl'imx Tribal Police |
| Nelson | Vancouver |
| New Westminster | Port Moody |
| Oak Bay | Saanich |
| Surrey | Victoria |
| West Vancouver | |

Hindi namin hinahawakan ang mga reklamo sa RCMP. Para magreklamo tungkol sa RCMP, magpunta sa www.crcc-ccetp.gc.ca.


**Kontakin ang**

Tel: (250) 356-7458
Fax: (250) 356-6503
Libreng matatawang numero: 1-877-999-8707
Email: info@opcc.bc.ca

**Lokasyon**

2nd floor, 947 Fort Street
Victoria, British Columbia

**Mailing Address**

PO Box 9895, Stn Prov Govt
Victoria, BC V8W 9T8


Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang aming website sa

**www.opcc.bc.ca**

[Filipino]



# Mayroon ka bang reklamo tungkol sa pulis sa British Columbia?

Integridad
Nagsasarili
Makatwiran

OPCC
OFFICE OF THE POLICE COMPLAINT COMMISSIONER



## Paano ba mag-file ng reklamo?

Maaari kang mag-file ng reklamo:

- online gamit ang OPCC website (www.opcc.bc.ca).
- sa front counter ng isang municipal police department.
- sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 1-877-999-8707 (libreng tawag).
- nang personal; bisitahin ang aming opisina sa 947 Fort Street.

## Ano ba ang mangyayari pagkatapos kong magreklamo?

Kung tinanggap ang iyong reklamo, ito'y i-aassign para maimbestigahan at imomonitor ito ng aming staff para masigurado na ito'y ginagawa nang husto at nang makatwiran. Bibigyan ka ng mga update habang ginagawa ang imbestigasyon.

## Ano ba ang ibig sabihin ng police misconduct?

Ito'y tumutukoy sa hindi katanggap-tanggap o maling kilos, mga salita, o aksyon ng isang police officer.

Ang mga police officer ay inaasahang:

- magpakita na sila'y tapat, may integridad, makatwiran, at walang kinikilingan.
- magtrato sa mga miyembro ng publiko nang may respeto.
- hindi mag-abuso sa kanilang lakas at awtoridad.
- kumilos sa isang paraan para patuloy na magkaroon ng kompiyansa ang publiko sa kanila.

Ang mga pulis ay binibigyan ng maraming mga kapangyarihang hindi available sa ibang mga mamamayan. Sinisigurado ng OPCC na ang mga alalahanin tungkol sa police misconduct ay wastong pinangangasiwaan at na ang pulis ay pinananatiling may pananagutan kapag sila'y kumilos nang mali.

Tumawag sa **1-877-999-8707** nang libre o bisitahin ang **www.opcc.bc.ca**

## Tungkol ba saan ako maaaring magreklamo?

Maaari kang magreklamo tungkol sa sumusunod na uri ng maling kilos ng pulis:

- Abuso ng awtoridad
- Accessory o kasangkot sa maling kilos
- Korupsyon
- Paninira sa property ng pulis
- Paninira sa property ng iba
- Kasinungalingan
- Kawalang-galang
- Hindi kapani-paniwalang kilos
- Hindi tamang pagbunyag ng impormasyon
- Hindi tamang kilos habang off-duty
- Hindi tamang paggamit o pangangalaga ng armas
- Maling paggamit ng intoxicants
- Pagpapabaya sa tungkulin

Maaari ka ring magreklamo tungkol sa mga serbisyo o mga patakaran ng isang police department.